Ang Bahay Na Bato Ni Pagong

Masayang nag-uusap sa ibabaw ng malaking tipak na bato si Pagong at Alitaptap. Matalik silang magkaibigan, pero magkaiba sila ng hilig. Mahilig si Alitaptap na mamasyal pero hindi lumalayo sa bahay. Mahilig naman si Pagong na maligo at magtampisaw sa sapa.

Isang araw, nagpaalala si Alitaptap sa kaibigan.

"Oy, Pagong, huwag mo ngang basta na lang iniiwan ang bahay mo na nakabukas! Hindi mo alam, maraming nakakapasok diyan."

"Wala namang makikialam diyan at wala ring mangyayaring masama sa bahay ko," sagot ni Pagong. Hindi na lang sumagot si Alitaptap.

Hanggang isang gabi'y nawalan ng kuryente. Nagsindi ng kandila si Pagong at itinirik ito sa ibabaw ng mesang malapit sa bintana ng pawid na bahay niya. Sa hindi kalayuan, nakita niya sina Alimango at Hipon na naliligo sa sapa. Natatanglawan sila ng liwanag ng buwan. Nagustuhan niya ang gina-gawa nila kaya dalidali siyang sumali.

Libang na libang sila kaya hindi nila napansin ang oras. Bigla silang natigilan nang may nakitang nagliliwanag. Agad silang kumaripas ng takbo papunta doon. Laking gulat ni Pagong nang makitang ang nagliilwanag pala ay ang nasusunog na bahay niya.

Sa darating si Alitaptap. Sinisi niya si Pagong dahil naging pabaya. Pero mahal niya ang kaibigan kaya tinulungan niya itong makagawang muli ng bagong bahay. Siniguro nilang ligtas na ito sa anumang panganib. Ginamit nila ang matibay na kagamitan para sa bagong bahay ni Pagong. Tuwang-tuwa sila sa nabuong bahay.

Mula noon, hindi na iniiwan ni Pagong ang bahay niya. Lagi na niya itong dala-dala.